ILLINOIS DEPARTMENT OF EMPLOYMENT SECURITY

# TIMELINE NG MGA BENEPISYO

## REGULAR NA UI LAMANG

## Mag-apply para sa mga benepisyo

HAKBANG 1

- Mag-file ng claim para sa mga benepisyo sa online o sa pamamagitan ng telepono
- Sa loob ng 7-10 na araw ng pag-file, makakatanggap ka ng sulat ng UI Finding. Naglalaman ito ng halaga ng iyong benepisyo at unang petsa ng pagpapatunay (tinatayang dalawang linggo pagkatapos ng unang pag-file).

Tandaan: Maaari kang makatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng tseke (default na paraan) o direct deposit. Ikaw ay lubos na hinihikayat na piliin ang direct deposit. Maaari kang mag-enroll sa direct deposit kapag mag-file ka ng iyong claim. Bisitahin ang ides.illinois.gov/payment para sa karagdagang impormasyon.

## Magpatunay sa online o sa pamamagitan ng telepono

HAKBANG 2

- **Ikaw ay mababayaran ng mga benepisyo sa pamamagitan ng pagpapatunay.**
- Sa petsang nakasaad sa iyong sulat ng UI Finding, mag-online at sagutin ang mga tanong sa pagpapatunay tungkol sa iyong kawalan ng trabaho sa nakaraang dalawang linggo. Maaari ka ring magpatunay sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng Tele-Serve na nakalista sa ibaba.
- Maghandang iulat kung ikaw ay nagtrabaho at ang halaga ng kabuuang sahod na kinita sa nakalipas na dalawang linggo.

Tandaan: Dapat mong patunayan na ikaw ay may kakayahan, handa, at aktibong naghahanap ng trabaho. Pagkatapos mag-file, dapat ka ring magparehistro sa IllinoisJobLink.com.

## Tumanggap ng kabayaran

HAKBANG 3

- Pagkatapos magpatunay, mangyaring maghintay ng 8 araw bago matanggap ang iyong bayad sa pamamagitan ng tseke, o 2-3 araw para sa direct deposit.
- Dapat kang magpatuloy sa pagpapatunay (sa parehong araw ng lingo na nakasaad sa iyong sulat ng UI Finding) bawat dalawang linggo upang patuloy na makatanggap ng mga benepisyo.

Tandaan: Kung ang iyong sulat ng UI Finding ay nagsasaad na ang iyong Lingguhang Halaga ng Benepisyo ay $0.00, ibig sabihin, ikaw ay napag-alamang Monetarily Ineligible. Kung naniniwala kang sapat ang iyong kinita upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo, mangyaring mag-upload ng patunay ng iyong kita mula sa nakaraang 15 buwan sa website ng IDES. Pakipili ang "Proof of Earnings" bilang label kapag nag-upload ka ng iyong mga dokumento.

## Halimbawa ng Kalendaryo

Pagkatapos mong **mag-file ng claim**, ikaw ay maghihintay ng humigit-kumulang isang linggo para makuha ang iyong **sulat ng UI Finding**. Ang sulat na ito ay nagsasabi kung kailan ka **magpapatunay** -- alinman sa Lunes, Martes, o Miyerkules.* Ikaw ay magpapatuloy sa pagpapatunay tuwing ikalawang linggo, at makukuha ang iyong **bayad** ilang araw pagkatapos mapatunayan kung ikaw ay kwalipikado kapag naka-enroll sa direct deposit.

| LINGGO | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES | SABADO |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 Mag-file ng Claim | 3 | 4 | 5 | 6 |
| 7 | 8 | 9 | 10 | 11 Makukuha ang Sulat ng UI Finding | 12 | 13 |
| 14 | 15 | 16 | 17 Magpatunay [certify] | 18 | 19 Pagbabayad | 20 |
| 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 |
| 28 | 29 | 30 | 31 Magpatunay [certify] | | 2 Pagbabayad | |

*Kung makaligtaan mo ang iyong regular na araw ng pagpapatunay, maaari kang magpatunay sa Huwebes o Biyernes

MAG-FILE NG CLAIM

MAGPATUNAY

ILLINOIS DEPARTMENT OF EMPLOYMENT SECURITY

CUSTOMER SERVICE
800-244-5631

TELE-SERVE
312-338-4337